**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-27**

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA KUMUHA NG KAPAHINTULUTAN (CLEARANCE) SA KAGAWARAN NG PANGKALUSUGAN PARA SA PANUKALANG PAGPAPATAYO NG PROYEKTONG OSPITAL NG MUNTINLUPA**

*********************************************************************************

Ipinanukala nina : **KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**KGG. REY E. BULAY**
**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**

*********************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay nagbabalak magtayo ng isang ospital na may kapasidad na 150-kama sa loob ng Muntinlupa Civic Center sa may Filinvest Corporate City;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at Public Estate Authority **(PEA)** ay pumasok sa isang Memorandum of Agreement **(MOA)** noong 09 Enero 1997 na sinang-ayunan din ng Filinvest Alabang, Inc. bilang joint-venture partner, na nagkakaloob sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ng kabuuang 9.6103 ektarya ng lupain sa loob ng dating Alabang Stock Farm;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay nagkaisang gawin ang bahagi ng 9.6103 hectares na lupain na maging "Civic Center" ng Lungsod kung saan itatayo ang ospital at iba pang gusaling pampubliko;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang populasyon ng Muntinlupa na humigit-kumulang sa 400,000 tao, ang bilang ng mga ospital, pampubliko man o pribado, na kasalukuyang nakatayo sa Lungsod ay hindi sapat sa pangangailangan ng publiko;

**SAPAGKAT,** pananaw (vision) ng mga mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa na maging isang **"Premier at World Class City"** ang Lungsod ng Muntinlupa sa pagdating ng ika-21 siglo;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng mga pampublikong gusali tulad ng isang makabagong ospital ang maglulunsad sa Lungsod ng Muntinlupa bilang isang **"World Class City"**;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye na kumuha ng kapahintulutan (Clearance) sa Kagawaran ng Pangkalusugan para sa panukalang pagpapatayo ng proyektong Ospital ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa **ngayong 21 Abril 1997 sa ginanap na ika-79 Regular na Sesyon.**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



SUMANG-AYON:

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BUALY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonghungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196